



Simpleng Buod ng Lengguwahe ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong

Select Specialty Hospital – ang San Diego ay nagbibigay ng pinansiyal na tulong para sa medikal na kinakailangang pangangalaga sa mga pasyente na walang kakayahang magbayad. Ang sumusunod na buod ng pinansiyal na tulong ay available sa Select Specialty Hospital – San Diego.

Tulong sa Pagbabayad ng Iyong Bill

Kung wala kang insurance, nagbibigay kami ng pinansiyal na tulong para sa medikal na kinakailangang pangangalaga. Kabilang sa kwalipikadong pangangalaga ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ayon sa tinukoy ng Medicare (mga serbisyo o item na makatuwiran at kinakailangan para sa diyagnosis o paggamot ng karamdaman o pinsala).

Makakatanggap ka ng libreng pangangalaga, o 100% pag-write off ng sagutin ng pasyente pagkatapos magbayad ng insurance, kung hindi lampas sa 200% ng Mga Pederal na Pamantayan ng Kita sa Antas ng Kahirapan ang kita ng pamilya mo. Posible ring magkaroon ng partial na pag-write off sa mga kwalipikadong sinisingil na bayarin para sa mga walang insurance at ilang partikular na pasyente na may kita ng pamilya na hanggang 400% ng Mga Pederal na Pamantayan ng Kita sa Antas ng Kahirapan. Sasalain ang lahat ng aplikante para sa saklaw ng Medicaid at dapat silang makipagtulungan sa mga kinatawan ng Medicaid upang maisaalang-alang para sa pinansiyal na tulong.

Kung hindi ka nakakatugon sa mga pamantayan sa kita sa itaas, anuman ang iyong katayuan sa insurance, maisasaalang-alang ka para sa pinansiyal na tulong, depende sa sitwasyon. Kontakin kami upang talakayin ang natatanging personal o pinansiyal na mga kalagayan, o kung may espesyal na medikal na kalagayan kung saan ang paggamot ay maaari lamang ibigay ng medikal na tauhan ng Select Specialty Hospital – San Diego.

Kung makakatanggap ka ng pinansiyal na tulong sa ilalim ng aming Patakaran, hindi ka sisingilin para sa medikal na kinakailangang pangangalaga nang higit pa sa halagang karaniwan naming sinisingil sa mga pasyenteng may saklaw ng Medicare.

Paano Mag-apply

Maaari kang kumuha ng kopya ng aming Buong Patakaran sa Pinansiyal na Tulong, Buod sa Simpleng na Wika, at Form ng Aplikasyon nang libre sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

- (1) Select Specialty Hospital – San Diego website sa:
<https://www.selectspecialtyhospitals.com/locations-and-tours/ca/san-diego/san-diego/>
- (2) Sa Lugar para sa Mga Admission; o
- (3) Sa pamamagitan ng pagtawag sa Serbisyo sa Customer sa (888) 868-1103.



Maaari kang mag-apply sa anumang bahagi sa proseso ng admission o pagsingil sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsusumite ng aplikasyon at pagbibigay ng impormasyon sa kita. Ipapasa sa Central Business Office para sa pagsusuri at pagpoproseso ang lahat ng Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong, ibinigay man ang mga ito nang personal, online, ipinadala o sa pamamagitan ng koreo. Kung kailangan mo ng anumang tulong sa pag-apply, mangyaring makipag-ugnayan sa aming departamento ng mga admission sa pasilidad o tumawag sa Serbisyo sa Customer sa (888) 868-1103.

Karagdagang Impormasyon sa Transparency sa Presyo

Select Specialty Hospital – ang San Diego ay nagbibigay ng impormasyon sa presyo nito, kabilang ang tool para mga serbisyong nabibili. Sumangguni sa impormasyon sa <https://www.selectspecialtyhospitals.com/locations-and-tours/ca/san-diego/san-diego/>.

Mga Programa ng Pamahalaan para sa Mababang Kita at Iba Pang Partikular na Pasyente

Select Specialty Hospital – ang San Diego ay nakikibahagi sa Medi-Cal. Maaari ding maging kwalipikado ang mga pasyente para sa nakasubsidiyang saklaw sa pamamagitan ng California Health Benefit Exchange (Covered California).

Higit Pang Tulong

May mga libreng organisasyon para sa pagsusulong ng konsumer na makakatulong sa iyo na maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad. Maaari kang tumawag sa Health Consumer Alliance sa 888-804-3536 o pumunta sa healthconsumer.org para sa higit pang impormasyon.

Programang sa Reklamo sa Bill sa Ospital

Isang programa ng estado ang Programa sa Reklamo sa Bill sa Ospital, na sumusuri sa mga desisyon ng ospital tungkol sa kung kwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong bill sa ospital. Kung naniniwala ka na hindi dapat tinanggihan ang pagbibigay sa iyo ng pinansyal na tulong, maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng Programa sa Reklamo sa Bill sa Ospital. Pumunta sa HospitalBillComplaintProgram.hcai.ca.gov para sa higit pang impormasyon at para maghain ng reklamo.

PAUNAWA: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong lengguwahe, pakitawagan ang (619) 686-4525 o bisitahin ang Administration Suite. Ang Administrative Suite ay bukas Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 am – 4:30 pm at matatagpuan sa ika-2 Palapag ng Ospital. May makukuha ring mga tulong at serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille, malalaking titik, audio, at iba pang na-access na elektronikong format. Ang mga serbisyong ito ay libre.